.Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-09 NG SETYEMBRE, 2020 SA GANAP NA IKA-10:15 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHANG BLG. 64 T. 2020**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGREREGULA SA MGA AKTIBIDAD NG MGA MAMAMAYAN SA KAHABAAN NG RIVER CONTROL (RIVER SLOPE PROTECTION SYSTEM) SA ILOG LUMBAN UPANG MAPANGALAGAAN ANG KALINISAN NG ILOG AT ANG KALIGTASAN NG MGA MAMAMAYAN.**

**Akda ni KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO**

**SAPAGKAT,** salig sa Seksyon 5, Artikulo I ng Saligang Batas, marapat na panatilihin ang kapayapaan at kaayusan, pangalagaan ang buhay, kalayaan at ari-arian, at itaguyod ang kapakanang pang-madla na siyang lubhang mahalaga upang tamasin ng lahat ng mamamayan ang bungang demokrasya;

**SAPAGKAT,** salig sa Republic Act Number 7160 na kilala rin na "Local Government Code of 1991", ang bawat Pamahalaang Lokal ay marapat na isagawa ang ipinagkaloob na kapangyarihan na siyang kinakailangan upang bigyan ng implikasyon, kabilang ang kapangyarihan na kinakailangan na angkop para sa epektibong pamamahala at iba pang kinakailangan sa pagsusulong ng kapakanang pangmadla;

**SAPAGKAT,** ang Seksyon 447 (1), (vi) ng kaparehong batas ay nagsasaad na pangunahing gawain ng Sangguniang Bayan ang magpatibay ng mga Resolusyon at Kautusan na mangangalaga sa kalikasan at magpataw ng kaukulang multa sa mga gawain na magreresulta sa polusyon at pagkasira ng balaseng ekolohiya;

**SAPAGKAT,** ang konstruksyon ng river slope protection system sa baybayin ng ilog ng Lumban ay nakalikha ng pagbabago hindi lamang sa geographical features ng kailugan kundi maging ng mga aktibidad ng mga mamamayan na kumikilos sa river control na nagdudulot ng epekto sa kalinisan ng ilog at kaligtasan ng mga dumaraan dahil sa mataas na pader ng naturang istruktura;

**SAPAGKAT,** ang pag-unlad ng inprastruktura sa Bayan ng Lumban ay hindi dapat maglagay sa kalinisan ng ilog at sa kaligtasan ng mga mamamayan sa kompromiso kung kaya't

sa pamamagitan ng alituntunin at regulasyon ay marapat na balansehin ang malinis na kalikasan, ligtas na kapaligiran at maunlad na pamayanan;

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Rose Ann R. Añonuevo na pinangalawahan ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr. at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay **IPINASIYA,** na pagtibayin ang kapasiyahang magreregula sa mga aktibidad ng mga mamamayan sa kahabaan ng river control (river slope protection system) sa ilog Lumban upang mapangalagaan ang kalinisan ng ilog at para sa kaligtasan ng mga mamamayan.

**IPINASIYA PA RIN,** na magtakda ng isang Kautusang Bayan para dito.

**IPINASIYA PANGKATAPUSAN,** na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Punumbayan at ang iba pang kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayon ika-09 ng Setyembre, 2020.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt090920res64*